

Ano ang Badminton?

Isinulat ni: Joana Marie Palpallatoc

Petsa: Oktubre 12, 2026

Ang badminton ay isang isport na maaaring laruin nang singles, doubles, o mixed doubles kasama ang mga kaibigan o mag-isa. Nagsimula ito noong dekada 1860 at kinilala bilang isang opisyal na isport sa Olympics noong 1985. Wala itong iisang partikular na imbentor dahil nagmula ito sa isang libangan noong sinaunang panahon at kalaunan ay hinubog ng mga opisyal ng militar ng Britanya sa India noong ika-19 na siglo.

Noong una, malawakang hindi tinanggap ang isport na ito dahil wala itong tiyak na kalipunan ng mga tuntunin, at itinuturing lamang itong isang simpleng libangan sa bakuran sa halip na isang tunay na isport. Ang unang borador ng mga tuntunin ay binuo noong 1977 ng ‘The Badminton Club’ sa Inglatera. Ang pinal na bersyon ng mga tuntunin, na siyang naging opisyal na batayan ng laro, ay inilathala noong 1934.